# OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN
## Sta. Cruz, Laguna

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS NOONG ABRIL 12, 2021, LUNES, IKA-09:23 NG UMAGA, SA BATASANG BAYAN, GUSALING ESCOLAPIA, SANTA CRUZ, LAGUNA

DUMALO

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang LAARNI A. MALIBIRAN | ..... | PANG. PUNONG BAYAN<br>Tagapangulo |
| Kagalang-galang Louie C. De Leon | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Ambiel John C. Panganiban | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Lea A. Almarvez | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Ramon D. Tan | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Mark Anthony P. Joven | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Efren L. Diaz | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Lucena R. Odejar | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Alan T. Pamatmat | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Patrocinia S. Kalaw | ..... | Kagawad/ABC Federation President |

DI-DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang Regine S. Regalado | ..... | Kagawad/ SK Federation President |

RECORDED 13 MAY 2021 Sta. Cruz, Laguna

OFFICE OF THE SANG. STA. CRUZ, LAGUNA RELEASED NAME DATE 5-4-21 TIME

**KAPASIYAHAN BLG. 219-T2021**

**KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG MGA BAYARIN / PANANAGUTAN PARA SA GASOLINA NANG NAKARAANG TAON NG TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN NA MAY HALAGANG P204,392.98 MULA BUWAN NG OKTUBRE HANGGANG DISYEMBRE, 2020 AT TANGGAPAN NG PANGALAWANG PUNONG BAYAN NA MAY HALAGANG P146,852.87 MULA BUWAN NG AGOSTO HANGGANG DISYEMBRE, 2020 NA IBABAWAS SA PONDONG NAKALAAN SA KASALUKUYANG TAONG 2021.**

**SAPAGKAT,** may kahilingan ang Kgg. Sangguniang Bayan at Pangalawang Punong Bayan na mabayaran ang mga pananagutan nang nakaraang taon 2020 para sa gasolina mula buwan ng Oktubre hanggang Disyembre, 2020 na may halagang P204,392.98 sa Tanggapan ng Sangguniang Bayan at mula buwan ng Agosto hanggang Disyembre, 2020 na may halagang P146,852.87 sa Tanggapan ng Pangalawang Punong Bayan;

**SAPAGKAT,** ito ay iniliwat sa Lupon sa Pananalapi, Badyet at Paglalaan at Lupon sa Mabuting Pamamahala, Pampublikong Asal at Pampublikong Pananagutan para sa masusing pag-aaral;

**SAPAGKAT**, matapos ang pag-aaral ng mga kasapi ng nabanggit na lupon ay inirekomendang pagtibayin na ito.

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO**, sa mungkahi ni Kagalang-galang Louie C. De Leon (Tagapamuno ng Lupon sa Pananalapi, Badyet at Paglalaan), na pinangalawahan ng lahat ng mga kasapi ng Sangguniang Bayan, ay

**PINAGPASIYAHANG:** Pagtibayin ang sumusunod na:

**KAUTUSAN SA PAGLALAAN BLG. 06-T2021**

**KAUTUSANG PINAGTITIBAY ANG MGA BAYARIN / PANANAGUTAN PARA SA GASOLINA NANG NAKARAANG TAON NG TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN NA MAY HALAGANG P204,392.98 MULA BUWAN NG OKTUBRE HANGGANG DISYEMBRE, 2020 AT TANGGAPAN NG PANGALAWANG PUNONG BAYAN NA MAY HALAGANG P146,852.87 MULA BUWAN NG AGOSTO HANGGANG DISYEMBRE, 2020 NA IBABAWAS SA PONDONG NAKALAAN SA KASALUKUYANG TAONG 2021.**

**IPINAG-UUTOS** ng Kagalang-galang Sangguniang Bayan ng Santa Cruz, Laguna na:

**SEKSYON 1** – Ilaan ang halagang P204,392.98 para sa Tanggapan ng Sangguniang Bayan at halagang P146,852.87 para sa Tanggapan ng Pangalawang Punong Bayan bilang kabayaran para sa Gasolina nang nakaraang taon at maibawas sa pondong nakalaan sa taong kasalukuyan.

**SEKSYON 2**- Ang kautusang ito ay magkakabisa matapos na mapagtibay.

**INIUUTOS**: Na padalhan ng sipi ng kapasiyahan / kautusang ito ang Kagalang-galang Sangguniang Panlalawigan, Kagalang-galang Punong Bayan, Pambayang Ingat-Yaman, Pambayang Pinuno sa Badyet, Pambayang Tagatuos, Pambayang Tagapagbalangkas at Tagapag-ugnay sa Kaunlaran, at mga may kinalaman, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

**PINAGTITIBAY. Abril 12, 2021.**

HON. MARK ANTHONY P. JOVEN
Councilor

KGG. RAMON D. TAN
Kagawad

KGG. LEA A. ALMARVEZ
Kagawad

KGG. AMBIEL JOHN C. PANGANIBAN
Kagawad

KGG. LOUIE C. DE LEON
Kagawad

KGG. EFREN L. DIAZ
Councilor

KGG. LUCENA R. ODEJAR
Kagawad

KGG. ALAN T. PAMATMAT
Kagawad

KGG. PATROCINIA S. KALAW
ABC Federation President